**Modyul para sa Kagamitan, Kapaligiran, at Kuwento ng Pinagbayanan**

(Module template)

## A. Mga Paunang Pagpapaliwanag (Introduction)

*Tips/Notes: Magbigay ng maigsi ngunit malaman na pagpapaliwanag tungkol sa modyul. Maaari ninyong sabihin na ang pagbuo ninyo ng sarili ninyong modyul ay bahagi ng proyekto ng mga organisasyong bumuo ng workshop na ito, upang ipalaganap ang pagkilala at pagbibigay halaga sa kasaysayan, arkeolohiya, at heritage (pamana). Sabihin sa mga kalahok ang mga layunin ng modyul ninyo.*

Halimbawa: Ang pamagat ng proyektong ito ay **Raising Heritage Consciousness in San Juan, Batangas**. Ito ay isang proyekto ng Unibersidad ng Pilipinas-Archaeological Studies Program at ng Tuklas Pilipinas Society, sa tulong ng Bolboc San Juan Batangas Heritage group. Ang layunin ay itaguyod ang arekeolohiya at pamana sa mga mag-aaral ng pang publikong paaralan. Sa workshop na ito, nais na palakasin ang heritage consciousness o ang kamalayan hinggil sa pamana ng ating mga ninuno, kultura, at kasayayan. Madaragdagan ang kamalayan sa pamana dahil ang mga artifact at site ay matatagpuan sa loob ng kanilang komunidad. Tunay na makabuluhan ang proyektong ito dahil ang mga miyembro mismo ng komunidad ang mamumuno sa paglibot at pagpapaliwanag sa ibang tao hinggil sa archaeological sites at ang kwento nito.

## B. Modyul sa Pagpapadaloy

*Tips/Notes: Ipaliwanag ang daloy ng modyul/tour.*

Halimbawa: Ang programa ng Kagamitan, Kapaligiran, at Kuwento ng Pinagbayanan ay binubuo ng dalawang araw na workshop na may limang sesyon. Ang mga sesyong ito ay gagawin sa pamamagitan ng pagbisita sa lugar ng Pinagbayanan, pagsasagawa ng pang-grupong talakayan (*focus group discussions*), at pagkakaroon ng mga maiksi presentasyon patungkol sa arkeolohiya ng Pinagbayanan.


**Sesyon 1: Pagbisita sa Pinagbayanan.** Sa sesyon na ito ay mabibigyan ng pagkakataon ang mga kalahok ng workshop na makita ang mga lugar sa Pinagbayanan na ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral.

Layunin:

- Maging pamilyar ang mga kalahok sa lugar ng Pinagbayanan
- Makita ang mga lugar kung saan nagsagawa ng arkeolohiyang pag-aaral

Gawain:

A. Pagpunta sa Pinagbayanan
B. Pagbisita sa mga lugar ng ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral (Structure A, Structure B, at Lumang Simbahan)


PAPUNTANG POCTOL
ILOG BANCURO
SITIO KANLURAN
TUKLONG
SITIO TABAG
PAPUNTANG CATMON
TUKLONG
PAPUNTANG BALAGBAG
LUMANG SIMBAHAN
PINAGBAYANAN ELEMENTARY SCHOOL
NANDITO KAYO
BRGY HALL
BASKETBALL COURT
ILOG BAMBANG
LEGEND
PALATAN
ILOG
KOLOONG
SINAUNANG ISTRUKTURA
BAKAWAN
BAHAY
TULAY
PALAIS-DAAN
N

**Sesyon 2: Kagamitan.** Sa sesyon na ito ay aalamin ng mga kalahok ang mga gawang tao (*artifact*) na nakita sa mga lugar sa Pinagbayanan na ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral at ang kahalagahan nito sa kanila.

Layunin:

- Maintindihan ng mga kalahok ang kahulugan at halaga ng mga bagay na matatagpuan sa isang lugar
- Bigyang halaga ang mga gawang tao

Gawain:

A. Pagkukuwento ng mga kalahok tungkol sa mahalagang bagay na dinala nila sa workshop
B. Pang-grupong talakayan ng mga napiling gawang tao (artifact) mula sa Pinagbayanan










Mga Gabay na Tanong para sa Pang-Grupong Talakayan (*Guide Questions*)

1. Ano sa tingin ninyo ito?
2. Ano sa tingin ninyo ang gamit nito?
3. Ano ang naalala ninyo kapag nakikita ninyo ito?

C. Pagbubuo ng sesyon (*Synthesis*)

Mga punto ng Talakayan:

- Kahalagahan ng mga gawang tao at kung paano ito nagsisilbing tulay sa ating nakaraan
- Mga iba't ibang gawang tao na nakita sa Pinagbayanan
- Relasyon ng mga gawang tao ng Pinagbayanan sa kuwento ng mga bahay na bato sa Pinagbayanan

**Sesyon 3: Kapaligiran.** Sa sesyon na ito ay bibigyang tuon ang kapaligiran ng Pinagbayanan at kung paano nito naimpluwensiyahan ang mga pamayanan sa paligid nito.


Layunin:

- Maunawaan ng mga kalahok ang relasyon ng kapaligiran sa pagbuo ng mga pamayanan at istruktura
- Maunawaan ang kahalagahan ng pagkilala sa paligid upang mabigyang konteksto ang mga kwentong pumapalibot dito


Gawain:

A. <u>Pagtingin sa mga mapa at pagsuri sa mga magkakaparehong katangian ng mga mapa</u>








Yangtze River
ANCIENT
CHINA
Sinaunang Tsina





Nineveh
ASSYRIA
Euphrates
Tigris
BABYLONIA
Babylon
SUMER
Ur
MESOPOTAMIA




MANILA
City of Manila
Quiapo
Malacañang
Intramuros
Luneta
Caloocan
Navotas
Quezon City
San Juan
Mandaluyong
Makati
Pasay
North Harbor
South Harbor
Pasig River
Tondo District
Sampaloc District
Sta Cruz District
Binondo District
San Nicholas District
San Miguel District
Sta Mesa District
Pandacan District
Paco District
Ermita District
Malate District
San Andres District
Sta Ana District
Manila International Port Area
Manila Domestic Port Area
North Cemetery
Smoky Mountain
Don Bosco Training Comp
Manila Zoo
Central Bank
Rizal Avenue
Juan Luna
Jose Abad Santos
Blumentrit
Aurora Blvd
Bonifacio Ave
Tayuman
Dapitan
España Blvd
Maceda
Magsaysay Blvd
Claro M Recto
Quezon Boulevard
Taft Ave
Roxas Boulevard
Quirino Ave
UN Ave
Pedro Gil
Padre Faura
San Marcelino
San Andres
Sergio Osmeña Ave (South Expressway)
P. Ocampo
Legarda
Lerma
Morayta
Morines
Del Pan
C2 Road
Radial Road 10
Honorio Lopez Blvd
Pier




Makalintal
Diversion Road
4
San Jose
Calumpang River
Provincial
Capitol
Batangas Port
Batangas
City Hall
Gov. Antonio Carpio Rd
Gov. Antonio Carpio Rd
Rizal Ave
Batangas - Sabang
CUTA
BATANGAS
CITY
Western Nautical Hwy

Mga Gabay na Tanong para sa Pang-Grupong Talakayan (Guide Questions)

1. Ano ang nakikita niyo sa mapa ninyo na nakikita niyo rin sa mga mapa na ito? Ano ang mga pagkakahalintulad?
2. Ano ang kahalagahan nito? Bakit dito itinayo ang mga pamayanan?
3. Ano ang mapapala ng mga tao sa pagtira malapit sa ilog?

B. <u>Paint-Me-a Picture ng mga aktibidad na karaniwang ginagawa sa mga ilog at iba pang anyong tubig</u>

C. <u>Pagbuo ng sesyon (*Synthesis*)</u>

Mga Punto ng Talakayan:

- Kahalagahan ng kapaligiran sa pagbubuo ng mga pamayanan at istruktura
- Kahalagahan ng mga anyong tubig sa Pinagbayanan sa pagkakabuo ng mga pamayanan sa paligid nito

**Sesyon 4: Kuwento.** Sa sesyon na ito ay malalaman ng mga kalahok ang mga kuwentong nabuo patungkol sa Pinagbayanan na hango sa mga ebidensiyang nakita sa ginawang arkeolohiyang pag-aaral.


Layunin:


- Maunawaan ng mga kalahok kung paano nabubuo ang kuwento ng isang lugar base sa mga ebidensiyang nakalap mula sa lugar
- Maaaring gamitin ang mga opisyal na dokumento at aklat na naglalahad ng kasaysayan ng isang lugar or grupo ng tao
- Bukod sa naka sulat na dokumento, mahala ang salaysay ng mga miyembro ng isang komunidad
- Matutunan magbuo ng kwento/naratibo/kasaysayan gamit ang kagamitan, kapaligiran, at kwento ng isang lugar

Gawain:

A. <u>Paglalahad ng mga kuwentong nakalap ng mga kalahok tungkol sa Pinagbayanan</u>

B. <u>Pagpapakita kung paano binuo ang kuwento ng Pinagbayanan ("sandbox activity")</u>





C. <u>Pagbuo ng sesyon (*Synthesis*)</u>

Mga Punto ng Talakayan:

- Paglalahad kung paano nabubuo ang kuwento ng nakaraan sa pamamagitan ng pagsuri sa mga dokumento mula sa nakaraan, pakikipanayam, at pagsasagawa ng arkeolohiyang paghuhukay
- Ang kwento mula sa mga miyembro ng komunidad ay mahalagi sa pagbuo ng naratibo ng isang lugar o kasaysayan











**Sesyon 5: Pagbalik sa Pinagbayanan.** Sa sesyon na ito ay muling babalik ang mga kalahok sa Pinagbayanan at inaasahang may ibang perkspektibo na ang mga kalahok base sa mga natutunan sa mga nagdaang sesyon.

Layunin:

- Magkaroon ng ibang interpretasyon ang mga kalahok base sa mga natutunan
- Bumuo ang mga kalahok ng sarili nilang salaysay na ilalahad ng mga kalahok sa ibang bisita ng San Juan
- Ang mga kalahok ay maging responsableng miyembro ng komunidad ng San Jaun sa pamamagitan ng pamamahagi ng kanilang interpretasyon at kwento ng arkeolohiya ng Pinagbayanan, San Juan

Gawain:

A. <u>Pagbalik sa mga lugar na ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral sa Pinagbayanan</u>







B. Pagtalakay sa mga interpretasyong nabuo ng mga kalahok

Mga Punto ng Talakayan:

- Maliban sa Kagamitan, Kapaligiran, at Kwento, mayroon tayong pang-apat na K at ito ay ang Kahalagahan
- Maunawaan ang kahalagahan ng pagbuo ng sariling kwento o naratibo ng arkeolohiya o kasaysayan ng sariling komunidad, upang maipalaganap sa ibang tao ang kahalagahan ng pamana sa atin ng ating mga ninuno.
- Magkaroon ang mga kalahok ng heritage consciousness o ang kamalayan hinggil sa pamana ng ating mga ninuno, kultura, at kasayayan

C. Daloy ng Programa

| **Unang Araw – 02 Mayo 2018** | | |
|---|---|---|
| 7:45 am | (15 mins.) | Pagtitipon sa lugar na pagdadausan ng workshop<br>Pagpapatala (*Registration*) |
| 8:00 | (30 mins.) | Pagpapakilala at paglalahad ng mga inaasahan |
| | | Paglalatag ng layunin, programa, at alituntunin (*house rules*)<br>Pagkuha ng group photo |
| 8:30 | (1 oras) | *Sesyon 1: Pagbisita sa Pinagbayanan*<br>Pagpunta sa Pinagbayanan<br>Pagbisita sa mga lugar ng ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral (Structure A, Structure B, at Lumang Simbahan) |
| | | Meryenda (*snack break*) |
| 9:30 | (30 mins.) | Pagbalik sa lugar na pinagdadausan ng workshop |
| 10:00 | (2 oras) | *Sesyon 2: Kagamitan*<br>Pagkukuwento ng mga kalahok tungkol sa mahalagang bagay na dinala nila sa workshop<br>Pang-grupong talakayan ng mga napiling gawang tao (artifact) mula sa Pinagbayanan<br>Pagbuo ng sesyon |
| | | *Open forum* |
| 12:00pm | (1 oras) | Tanghalian (*lunch break*) |
| 1:00 | (2 oras) | *Sesyon 3: Kapaligiran*<br>Pagtingin sa mga mapa at pagsuri sa mga magkakaparehong katangian ng mga mapa<br>Paint-Me-a Picture ng mga aktibidad na karaniwang ginagawa sa mga ilog at iba pang anyong tubig<br>Pagbuo ng sesyon (*Synthesis*) |
| | | *Open Forum* |
| 3:00 | (1 oras) | Pagbabalik-tanaw sa buong araw at mga kaganapan na nangyari |
| | | Pagbibigay ng iuuwing gawain (*homework*) |
| | | Mga paalala para sa mga susunod na gawain |
| 4:00 | | Pagtatapos ng unang araw |

| **Pangalawang Araw – 03 Mayo 2018** | | |
|---|---|---|
| 7:45 am | (15 mins.) | Pagtitipon sa lugar na pagdadausan ng workshop<br>Pagpapatala (*Registration*) |
| 8:00 | (15 mins.) | Pagbabalik-tanaw sa ginawa ng nakaraang araw |
| 8:15 | (2.45 oras) | *Sesyon 4: Kuwento*<br>Paglalahad ng mga kuwentong nakalap ng mga kalahok tungkol sa Pinagbayanan<br>Pagpapakita kung paano binuo ang kuwento ng Pinagbayanan<br>Pagbuo ng sesyon (*Synthesis*) |
| | | Meryenda (*snack break*) |
| | | *Open forum* |
| 11:00 | (1 oras) | Pagbubuo ng lahat ng nagdaang sesyon (*Synthesis of Sessions 1-4*) |
| | | *Open forum* |
| 12:00pm | (1 oras) | Tanghalian (*lunch break*) |
| 1:00 | (1.5 oras) | *Sesyon 5: Pagbalik sa Pinagbayanan*<br>Pagbalik sa mga lugar na ginawan ng arkeolohiyang pag-aaral sa Pinagbayanan<br>Pagtalakay sa mga interpretasyong nabuo ng mga kalahok |
| | | *Open Forum* |
| 2:30 | (30 mins.) | Pagbalik sa lugar na pinagdadausan ng workshop |
| 3:00 | (1 oras) | Pagbabalik-tanaw sa buong araw at sa buong workshop |
| | | Pagtalakay tungkol sa kahalagahan ng pamanang lahi (*heritage*) |
| | | Pagbibigay ng action plan template na dapat gawin ng mga kalahok |
| | | Ebalwasyon ng mga kalahok sa workshop na dinaos |
| | | Pagbibigay ng mga sertipiko ng pakikilahok sa mga nakakumpleto ng workshop |
| 4:00 | | Pagtatapos ng workshop |